



# Fact Sheet

## Parating Na ang P-EBT 3.0!

Hindi kailangang magutom sa mahihirap na panahon. Kung kwalipikado ang iyong anak para sa mga benepisyo sa P-EBT, awtomatiko kang makakatanggap ng card sa mail. Narito ang dapat mong malaman tungkol sa P-EBT 3.0.

### Makakuha ng Higit Pang Salapi para sa Mga Grocery sa Pamamagitan ng P-EBT 3.0

Ang P-EBT (na kilala rin bilang "EBT sa Pandemya") 3.0 ay pederal na programang nagbibigay ng mga benepisyo sa pagkain sa mga pamilyang may mga kwalipikadong bata na hindi nakapasok sa paaralan o pasilidad para sa pangangalaga ng bata dahil sa COVID-19.

### Masusustansiyang Pagkain para sa Lahat ng Kwalipikadong Bata

**Kwalipikado ang mga musmos kung sila ay:**

- wala pa sa edad na 6 na taon noong Agosto 1, 2021;
- AT naging bahagi ng sambahayang nakakatanggap ng mga benepisyo sa CalFresh Food sa pagitan ng Agosto 2021 at Agosto 2022.

**Kwalipikado ang mga batang nasa edad ng pagpasok sa paaralan kung, sa taon ng pag-aaral na 2021–2022, sila ay:**

- naging kwalipikado para sa mga libre o may diskwentong pagkain;
- AT nakatala sa paaralang nakikilahok sa Pambansang Programa para sa Tanghalian sa Paaralan (School Lunch Program, NSLP)/Programa para sa Almusal sa Paaralan (School Breakfast Program, SBP) o sa paaralan na nagbibigay ng Probisyon;
- AT hindi harapang pumasok sa paaralan o nagkaroon ng lima o higit pang pinahintulutang pagliban sa klase sa anumang buwan dahil sa COVID-19 (kasama rito ang mga mag-aaral na nakatala sa virtual na pag-aaral).

Maaaring kwalipikado rin ang mga batang nasa edad ng pagpasok sa paaralan na *harapang* pumasok sa paaralan noong taon ng pag-aaral na 2021–2022 kung, mula noong Mayo 2022, naging kwalipikado sila para sa mga libre o may diskwentong pagkain at nakatala sila sa paaralang nakikilahok sa NSLP/SBP o paaralang nagbibigay ng Probisyon.

## Mga Halaga ng Benepisyo sa P-EBT 3.0

Makakatanggap ang **mga musmos** ng average na \$45 kada buwan para sa bawat buwang nakatanggap sila ng mga benepisyo sa CalFresh sa taon ng pag-aaral na 2021–2022. Maaaring mag-iba ang mga aktuwal na buwanang halaga.

Benefit Month(s)	P-EBT Allotment
August 2021	\$ 39
September 2021	\$ 43
October 2021	\$ 52
November 2021	\$ 37
December 2021	\$37
January 2022	\$59
February 2022	\$44
March 2022	\$32
April 2022	\$43
May 2022	\$44
June – August 2022	\$391

Makakatanggap ang **mga batang nasa edad ng pagpasok sa paaralan** ng \$7.10 para sa bawat araw na hindi sila harapang nakapasok sa paaralan dahil sa COVID-19 sa panahon ng taon ng pag-aaral na 2021–2022. Makakatanggap din ang magkabilang grupo ng mga bata ng \$391 kung kwalipikado sila para sa mga benepisyo sa P-EBT sa tag-araw ng 2022.

## Hindi Mo Kailangang Mag-apply para sa P-EBT 3.0

Hindi kailangang mag-apply o gumawa ng anupaman ang mga pamilyang may mga kwalipikadong bata para matanggap ang kanilang mga benepisyo. Awtomatiko silang padadalhan sa mail ng bagong card ng P-EBT 3.0 nang naka-load na ang mga benepisyo. Makakatanggap ang bawat kwalipikadong bata ng sarili niyang card.

## Pagpapadala sa Mail ng Mga Card ng P-EBT 3.0

Ipapadala sa mail ang mga card para sa mga batang kwalipikado para sa mga benepisyo noong Agosto–Disyembre 2021 simula sa:	Ipapadala sa mail ang mga card para sa mga batang kwalipikado <i>lamang</i> para sa mga benepisyo noong Enero–Agosto 2022 sa:
Oktubre 2022 para sa mga musmos	Nobyembre 2022 para sa mga musmos
Nobyembre 2022 para sa mga batang nasa edad ng pagpasok sa paaralan	Disyembre 2022 para sa mga batang nasa edad ng pagpasok sa paaralan

Ipapadala sa mail ang lahat ng card sa alpabetikong pagkakasunod-sunod, ayon sa pangalan ng kwalipikadong bata. Maaaring abutin nang ilang buwan para makarating ang lahat ng card dahil halos 5 milyon ang ipinapadala.

## Paano Gamitin ang Card

Kapag dumating na ang iyong card ng P-EBT 3.0 sa mail, kakailanganin mong gumawa ng PIN (ipapadala ang mga tagubilin kasama ng card). Pagkatapos, gamitin ang iyong card nang tulad ng debit card sa parehong mga lugar na tumatanggap ng mga benepisyo sa CalFresh Food:

- Magbayad sa pamamagitan ng pagpili ng “EBT” sa pag-checkout.
- I-swipe ang card.
- Ilagay ang pribadong PIN.

## Tinatanggap ang Pagbabayad sa Tindahan at Online

Gamitin ang mga card ng P-EBT 3.0 para bumili ng pagkain sa karamihan ng mga tindahan ng grocery at sa maraming farmers market kung saan tinatanggap ang mga benepisyo sa CalFresh Food at online sa mga kalahok na nagtitinging tindahan. Gaya ng sa CalFresh, hindi magagamit ang mga benepisyo sa P-EBT 3.0 sa mga restaurant o para bumili ng mga pagkaing inihahain nang mainit o nakahanda na (tulad ng takeout o mga food bar).

## Awtomatikong Nare-reload ang Mga Card

Ire-reload ang mga card ng P-EBT 3.0 sa Nobyembre 2022 para sa mga musmos at sa Disyembre 2022 para sa mga batang nasa edad ng pagpasok sa paaralan para masaklaw ang mga benepisyo sa Enero–Agosto 2022. Huwag itapon ang iyong card ng P-EBT 3.0.

## Hindi Nakakaapekto ang P-EBT sa Imigrasyon, Katayuan ng Pagiging Dependent ng Pamahalaan (Public Charge), o Iba Pang Benepisyo

Hindi makakaapekto sa imigrasyon ang paggamit ng P-EBT, at hindi ka nito gagawing dependent ng pamahalaan. HINDI iniuulat ng programa ang iyong impormasyon sa mga serbisyo sa imigrasyon. Hindi rin itinuturing na kita ang P-EBT, at hindi ito nakakaapekto sa iyong kwalipikasyon sa mga programa para sa pagkain sa paaralan o ibang programa para sa benepisyo.



**May mga tanong?** Tumawag sa Linya para sa Tulong sa P-EBT sa **1-877-328-9677** (Lunes–Biyernes, 6:00 a.m. hanggang 8:00 p.m.), o gamitin ang feature na Live Chat sa [ca.p-ebt.org](https://ca.p-ebt.org).